Iba pang mga saklaw na serbisyo (ipinagpapatuloy)			inyong Tagapamahala ng Pangangalaga ay maaaring makatulong sa inyong makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito at kung kayo ay kuwalipikado. <i>Maaaring kakailanganin ng Paunang Awtorisasyon.</i> Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
	Tulong sa Personal na Pangangalaga (PCA) (tulong sa mga pang-araw-araw na aktibidad tulad ng pagligo, pagbibihis, paggamit ng banyo, pamimili, pagluluto, kabilang ang mga gawaing may kaugnayan sa kalusugan na isinasagawa ng isang kuwalipikadong indibidwal sa tahanan ng miyembro, sa ilalim ng pangangasiwa ng isang rehistradong propesyonal na nurse, na sertipikado ng doktor alinsunod sa nakasulat na plano ng pangangalaga ng miyembro)	\$0	Hindi saklaw ng Medicare ang mga serbisyong tulong sa personal na pangangalaga. Ang mga serbisyong tulong sa personal na pangangalaga ay benepisyo ng Medicaid na ipinagkakaloob upang matulungan ang mga kuwalipikadong indibidwal na mapanatili ang kanilang kalusugan at kaligtasan sa sarili nilang tahanan. Ang inyong Tagapamahala ng Pangangalaga ay maaaring makatulong sa inyong makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito at kung kayo ay kuwalipikado. <i>Maaaring kakailanganin ng Paunang Awtorisasyon.</i> Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
	Mga serbisyong prosthetic	\$0	<i>Maaaring kakailanganin ng Paunang Awtorisasyon.</i>



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa SWHNY.com.

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyo na maaaring kailangan ninyo	Ang inyong mga gastusin para sa mga tagapagkaloob na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon sa benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
			Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
	Mga serbisyo para makatulong na pamahalaan ang inyong sakit	\$0	Kinabibilangan sa mga serbisyo ng isang doktor o iba pang provider na may akreditasyon (rehistradong nurse, physician assistant, nurse practitioner, o lisensyadong dietitian). Tingnan ang paglalarawan para sa (mga) partikular na serbisyong inirerekomenda ng inyong (mga) provider. Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.

Ibinibigay ang buod ng mga benepisyo sa itaas para lamang sa mga layunin ng pagbibigay ng impormasyon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo, maaari ninyong basahin ang *Katibayan ng Coverage* ng Senior Whole Health of New York NHC. Kung mayroon kang mga tanong, maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Senior Whole Health ng New York NHC sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

D. Mga karagdagang serbisyong sinasaklaw ng Senior Whole Health ng New York NHC

Hindi ito kumpletong lista. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito o basahin ang *Ebidensya ng Pagsaklaw* para malaman ang tungkol sa ibang mga serbisyong sinaklaw.

Mga karagdagang serbisyong saklaw ng Senior Whole Health of New York NHC	Mga gagastusin mo
Ang Healthy You Debit Card Makakatanggap kayo ng prepaid na debit card na maaaring gamitin tungo sa mga piling karagdagang benepisyo sa plano tulad ng: • Pagkain at produce* • Pinagsamang mga item na nabibili nang walang reseta at hindi emerhensiya na transportasyon Inilalagay ang mga pondo sa card sa bawat buwan. Sa katapusan ng bawat buwan, hindi madadala ang anumang hindi nagamit na inilalaang mga pondo sa susunod na buwan o taon ng plano. Kung hindi mo magagamit ang buong halaga ng iyong buwanang benepisyo, mag-e-expire ang natitirang balanse at hindi ito magagamit sa susunod na panahon ng benepisyo. *Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.	\$0 Pinagsamang mga item na nabibili nang walang reseta at hindi emerhensiya na transportasyon: Karapat-dapat ang lahat ng miyembro para sa card ng Malusog Ka para sa pagbili ng mga item na OTC at Transportasyon. • \$100 na buwanang allowance Tandaan: Ang OTC na allowance sa iyong debit card ng Healthy You ay isang Karagdagang Benepisyo ng Medicare. Ang iyong Benepisyo sa Ngipin sa ilalim ng New York Medicaid ay pinangangasiwaan din ng Senior Whole Health of New York NHC. Mangyaring kontakin ang Plano para sa anumang mga tanong sa benepisyo ng Medicaid na ito. Maaari kang magkaroon ng karagdagang coverage para sa mga gamot na hindi Nangangailangan ng Reseta (OTC) at iba pang mga hindi sinasaklaw sa Bahagi D sa ilalim ng mga benepisyo sa New York Medicaid. Ang benepisyo sa gamot ng Medicaid na ito ay hindi pinamamahalaan ng Plano. Para sa mga tanong tungkol sa iyong coverage sa gamot ng Medicaid, makipag-ugnayan sa Helpline ng New York Medicaid sa (800) 541-2831. Pagkain at Produkto: Ang mga miyembrong may malalang sakit ay kuwalipikado para sa karagdagang benepisyo ng card ng Healthy You na ito. • \$73 na buwanang allowance upang makabili ng sariwang produkto at mga groseri
Edukasyong Pangkalusugan	\$0
Benepisyo sa malusog na pangangatawan	\$0
Ang mga miyembro ay may access sa mga nakakonstratang pasilidad para sa malusog na pangangatawan at mga Home Fitness Kit.	



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa SWHNY.com.

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

Mga karagdagang serbisyong saklaw ng Senior Whole Health of New York NHC	Mga gagastusin mo
Mga serbisyong telehealth	\$0
Teknolohiya sa Malayuang Pag-access (ipinagpapatuloy sa susunod na pahinan)	\$0



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [SWHNY.com](https://www.swhny.com).

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

Mga karagdagang serbisyong saklaw ng Senior Whole Health of New York NHC	Mga gagastusin mo
Teknolohiya sa Malayuang Pag-access (ipinagpapatuloy) Ang mga miyembro ay maaaring makipag-usap sa isang lisensyadong doktor na sertipikado ng board 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon, sa pamamagitan ng web, telepono, o mobile app. Maaari mo ring tawagan ang Nurse Advice Line sa (877) 353-0185, ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 711.	



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [SWHNY.com](https://www.swhny.com).

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

E. Mga benepisyong saklaw sa labas ng Senior Whole Health ng New York NHC

Hindi ito kumpletong lista. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito para malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyong hindi sinaklaw ng Senior Whole Health ng New York NHC ngunit magagamit sa pamamagitan ng bayd para sa serbisyo ng Medicaid.

Iba pang mga serbisyong saklaw ng fee-for-service ng Medicaid	Mga gagastusin mo
CSS (Mga Pangkomunidad na Sumusuportang Serbisyo)	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
Mga serbisyo ng Pamamahala ng Pangangalaga sa Health Home (HH) at Health Home Plus (HH+)	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
Mga Sertipikadong Pangkomunidad na Klinika para sa Kalusugan ng Pag-uugali (CCBHC)	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
Mga Serbisyo ng Interbensyon sa Krisis para sa mga Kabataang nasa edad na 18-20	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
Komprehensibong pamamahala ng kaso ng Medicaid	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.
Directly observed therapy (DOT) para sa tuberkulosis	\$0 Bilang plano ng MAP, pag-uugnayin namin ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medicaid.



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [SWHNY.com](https://www.swhny.com).

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

F. Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Senior Whole Health ng New York NHC, Medicare, at Medicaid

Ang mga sumusunod na serbisyo ay hindi saklaw ng aming plano. Hindi ito kumpletong lista. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito para malaman ang tungkol sa mga serbisyong hindi kabilang.

Hindi saklaw ng Senior Whole Health ng New York NHC, Medicare, at Medicaid	
Mga experimental na medikal o pamamaraang pang-operasyon, kagamitan, at mga gamot	Pagbaligtad sa mga pamamaraan ng isterilisasyon
Mga serbisyo ng naturopath (gumagamit ng mga natural o alternatibong paggamot)	

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

G. Ang iyong mga karapatan at pananagutan bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Senior Whole Health ng New York NHC mayroon kayong ilang karapatan hinggil sa pangangalaga ng inyong kalusugan. Mayroon din kayong ilang responsibilidad sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nangangalaga sa inyo. Anuman ang kondisyon ng inyong kalusugan, hindi maaaring itanggi sa inyo ang medikal na kinakailangang paggamot. Maaari ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa inyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon sa inyong mga karapatan, basahin ang *Katibayan ng Saklaw*.

Kabilang sa inyong mga karapatan ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- **Mayroon kayong karapatan na tratuhin nang may paggalang, patas at may dignidad.** Kasama rito ang karapatang:
 - Masaklaw ang mga serbisyo nang walang pag-aalala tungkol sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, kulay ng balat, relihiyon, pananampalataya, kasarian (kabilang ang mga estereotipo sa kasarian at pagkakakilanlan ng kasarian), edad, katayuan ng kalusugan, kapansanan sa pag-iisip, pangangatawan, o pandamdang, sekswal na oryentasyon, henetikong impormasyon, kakayahang magbayad, o kakayahang magsalita ng Ingles. Walang provider ng pangangalagang pangkalusugan ang dapat makibahagi sa anumang kasanayan, kaugnay ng sinumang miyembro na binubuo ng diskriminasyong labag sa batas sa ilalim ng anumang pang-estado o pederal na batas o regulasyon.
 - Humingi o makakuha ng impormasyon sa iba pang mga format (halimbawa, malaking print, braille, audio) nang walang bayad
 - Maging malaya mula sa anumang anyo ng pisikal na paghihigpit o seklusyon
 - Hindi masingil ng mga provider ng network
 - Ganap at magalang na masagot ang inyong mga tanong at alalahanin
 - Malayang gamitin ang inyong mga karapatan nang walang anumang negatibong epekto sa paraan ng pagtrato sa inyo ng Senior Whole Health of New York NHC o ng inyong provider
- **May karapatan kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan.** Kabilang dito ang impormasyon sa paggamot at sa inyong mga pagpipilian sa paggamot, anuman ang gastos o coverage sa benepisyo. Ang impormasyong ito ay dapat nasa format at wikang mauunawaan ninyo. Ang mga karapatang ito ay kinabibilangan ng pagkuha ng impormasyon hinggil sa:
 - Senior Whole Health of New York NHC
 - Paglalarawan sa mga serbisyong sinasaklaw namin
 - Paano kumuha ng mga serbisyo
 - Magkano ang gagastusin ninyo sa mga serbisyo
 - Mga Pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga Tagapamahala ng Pangangalaga



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa SWHNY.com.

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

- Ang inyong mga karapatan at responsibilidad
- **May karapatan kayong magpasya tungkol sa inyong pangangalaga, kabilang ang pagtanggì sa paggamot.** Kasama rito ang karapatang:
 - Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) at palitan ang inyong PCP sa anumang oras sa buong taon. Maaari kang tumawag sa (833) 671-0440, kung gusto mong palitan ang PCP mo.
 - Kumonsulta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga kababaihan nang walang referral
 - Mabilis na makuha ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
 - Malaman ang tungkol sa lahat ng opsyon sa paggamot, anuman ang halaga ng mga ito o kung sinasaklaw man ang mga ito
 - Tanggihan ang paggamot sa abot ng pinahihintulutan ng batas, kahit pinapayuhan kayo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan laban dito
 - Itigil ang pag-inom ng gamot, kahit na pinapayuhan kayo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan laban dito
 - Humingi ng pangalawang opinyon tungkol sa anumang pangangalagang pangkalusugan na ipinayong makuha ninyo ng inyong PCP at ng inyong Pangkat ng Pangangalaga. Babayaran ng Senior Whole Health of New York NHC ang gastos sa inyong pagbisita para sa pangalawang opinyon.
 - Ipaalam ang inyong mga kahilingan sa pangangalagang pangkalusugan sa isang paunang direktiba
- **May karapatan kayo sa napapanahong access sa pangangalaga na walang anumang balakid sa access sa komunikasyon o pisikal na access.** Kasama rito ang karapatang:
 - Makakuha ng napapanahong pangangalagang medikal
 - Makapasok at makalabas sa tanggapan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito ng access na walang hadlang para sa mga taong may kapansanan, alinsunod sa Batas sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan
 - Magkaroon ng mga interpreter na tutulong sa pakikipag-usap sa inyong mga doktor, oba pang mga provider, at sa inyong planong pangkalusugan. Tumawag sa (833) 671-0440 kung kailangan ninyo ng tulong sa serbisyong ito.
 - Ipasalin ang inyong *Katibayan ng Coverage* at anumang mga naka-print na materyal na mula sa Senior Whole Health of New York NHC sa inyong pangunahing wika, at/o basahin sa inyo nang malakas ang mga materyal na ito kung nahihirapan kayong makakita o makabasa. Ang mga serbisyo ng pasalitang interpretasyon ay gagawing available kapat hiniling at nang walang bayad.
 - Maging malaya sa anumang uri ng pisikal na panghihigpit o seklusyon na gagamitin bilang paraan ng pagpuwersa, pagpilit, disiplina, pagiging kumbinyente, o paghihiganti



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa [SWHNY.com](https://www.swhny.com).

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

- **May karapatan kayo sa pang-emerhensya at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo ito.** Nangangahulugan ito na may karapatan kayo na:
 - Kumuha ng mga serbisyong pang-emerhensya o agarang pangangalaga, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, nang walang paunang pag-apruba
 - Gumamit ng provider sa labas ng network para sa agaran o pang-emerhensyang pangangalaga kapag kinakailangan
- **May karapatan kayo sa pagkakumpidensyal at pagkapribado.** Kasama rito ang karapatang:
 - Humiling at makakuha ng kopya ng inyong mga medikal na rekord sa paraang mauunawaan ninyo at humiling ng pagbabago o pagwawasto sa inyong rekord
 - Ipapanatiling pribado ang inyong personal na impormasyon sa kalusugan. Walang personal na impormasyong pangkalusugan ang ilalabas sa kahit sino nang walang pahintulot, maliban kung iniaatas ng batas.
 - Magkaroon ng privacy sa panahon ng paggamot
- **May karapatan kayong magreklamo tungkol sa inyong mga saklaw na serbisyo o pangangalaga.** Kasama rito ang karapatang:
 - I-access ang madaling proseso para iparating ang inyong mga alalahanin, at asahan ang pag-follow-up ng Senior Whole Health of New York NHC
 - Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga provider ng serbisyo. May karapatan din kayong iapela ang ilang desisyong ginawa namin o ng aming mga provider
 - Humingi ng Apela sa Estado (Patas na Pagdinig ng Estado o State Fair Hearing)
 - Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo

Kabilang sa inyong mga responsibilidad ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- **May responsibilidad kayong tratuhin ang iba nang may paggalang, patas, at may dignidad.** Dapat ninyong:
 - Tratuhan ang inyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan nang may dignidad at paggalang
 - Panatilihin ang mga appointment, maging nasa oras, at tumawag nang maaga kung kayo ay mahuhuli o kailangang magkansela
- **May responsibilidad kayong magbigay ng impormasyon tungkol sa inyo at sa inyong kalusugan.** Dapat ninyong:
 - Ipaalam sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang inyong mga problema sa kalusugan nang malinaw at magbigay ng maraming impormasyon hangga't posible.
 - Ipaalam sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa inyong sarili at sa kasaysayan ng inyong kalusugan
 - Ipaalam sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na kayo ay miyembro ng Senior Whole Health of New York NHC

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

- Kausapin ang inyong PCP, Tagapamahala ng Pangangalaga, o iba pang nararapat na indibidwal tungkol sa paghiling ng mga serbisyo ng espesyalista bago kayo pumunta sa ospital (maliban sa mga kaso ng emerhensya)
- Ipaalam sa inyong PCP, Tagapamahala ng Pangangalaga, o iba pang naaangkop na indibidwal sa loob ng 24 na oras ng anumang emerhensya o paggamot na nasa labas ng network
- Abisuhan ang Member Services ng Senior Whole Health of New York NHC kung mayroong anumang mga pagbabago sa inyong personal na impormasyon, tulad ng inyong address at numero ng telepono
- **May responsibilidad kayong gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga, kabilang ang pagtangga sa paggamot.** Dapat ninyong:
 - Matutunan ang tungkol sa mga problema sa inyong kalusugan at anumang inirerekomendang paggamot, at isaalang-alang ang paggamot bago ito maisagawa
 - Makipagtulungan sa inyong Pangkat ng Pangangalaga at magtulungan sa mga plano at layunin ng paggamot
 - Sundin ang mga instruksyon at plano para sa pangangalagang pinagkasunduan ninyo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at huwag kalimutan na ang pagtangga sa paggamot na inirerekomenda ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring makasama sa inyong kalusugan.
- **Mayroon kayong responsibilidad na kunin ang inyong mga serbisyo mula sa Senior Whole Health of New York NHC.** Dapat ninyong:
 - Kunin ang lahat ng inyong pangangalagang pangkalusugan mula sa Senior Whole Health of New York NHC, maliban sa mga kaso ng emerhensya, agarang pangangalaga, serbisyo sa krisis sa kalusugan ng pag-uugali, serbisyo sa dialysis sa labas ng lugar, o mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maliban kung nagbigay ang Senior Whole Health of New York NHC ng paunang awtorisasyon para sa pangangalagang nasa labas ng network
 - Hindi pahintulutan ang sinumang gumamit ng inyong ID Card ng Miyembro sa Senior Whole Health of New York NHC para makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
 - Abisuhan ang Senior Whole Health of New York NHC kapag naniniwala kayo na may isang taong sadyang ginamit sa maling paraan ang mga benepisyo o serbisyo ng Senior Whole Health of New York NHC

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, mababasa ninyo ang *Katibayan ng Coverage* ng Senior Whole Health of New York NHC. Kung mayroon kang mga tanong, maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Senior Whole Health ng New York NHC sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

H. Paano maghain ng reklamo o i-apela ang tinanggihang serbisyo

Kung mayroon kayong reklamo o iniisip na dapat saklawin ng Senior Whole Health of New York NHC ang isang bagay na tinanggihan namin, tawagan ang Senior Whole Health of New York NHC sa (833) 671-0440; TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Maaari kayong maghain ng reklamo o iapela ang aming desisyon.

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari ninyong basahin ang Kabanata 8 ng *Evidence of Coverage* ng Senior Whole Health of New York NHC. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Senior Whole Health ng New York NHC sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Para magsampa ng reklamo (karaingan):

- Tawagan ang Member Services sa (833) 671-0440; TTY: 711
- I-fax ang inyong reklamo sa (562) 499-0610
- Sumulat sa:
Senior Whole Health
Attn: Appeals & Grievances
P.O. Box 22816
Long Beach, CA 90801-9977

Maaari kayong maghain ng reklamo sa anumang oras maliban na lang kung tungkol ito sa Bahagi D na gamot. Kung nauugnay ang reklamo sa isang Bahagi D na gamot, dapat mo itong gawin sa loob ng 60 araw ng kalendaryo matapos mong maranasan ang problemang gusto mong ireklamo.

Maaari kayo maghain ng kahilingan para sa apela sa loob ng 60 araw mula nang matanggap ang desisyon sa coverage. Maaari ninyong i-file ang inyong apela nang pasalita o nakasulat. Upang iapela ang desisyon tungkol sa medikal na coverage:

- Tawagan ang Member Services sa (833) 671-0440; TTY: 711
- I-fax ang inyong apela sa (562) 499-0610
- Sumulat sa:
Senior Whole Health
Attn: Appeals & Grievances
P.O. Box 22816
Long Beach, CA 90801-9977

I. Ano ang gagawin kung may pinaghihinalaan kang pandaraya

Matapat ang karamihan sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo. Sa kasamaang-palad, may ilan na posibleng hindi matapat.

Kung sa palagay ninyo ay may ginagawang hindi tama ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tumawag sa amin sa Member Services ng Senior Whole Health of New York NHC. Ang mga numero ng telepono ay ang mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito. O kaya, tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.
- O kaya, tawagan ang Hotline para sa Panloloko ng Medicaid ng Estado ng New York 1-877-87 FRAUD.
- Upang mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko, makipag-ugnayan sa Hotline para sa Panloloko ng Senior Whole Health ng New York sa (866) 606-3889

Senior Whole Health of New York NHC (HMO D-SNP) 2025 **Buod ng mga Benepisyo**

Kung mayroon kayong mga pangkalahatang tanong o mga tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, lugar na siniserbisyuhan, pagsingil, o mg ID Card ng Miyembro, mangyaring tawagan ang Member Services ng Senior Whole Health of New York NHC:

(833) 671-0440

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 7 araw sa isang linggo. 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Ang Mga Serbisyo sa Miyembro ay mayroon ding libreng serbisyo ng interpreter sa wika na magagamit para sa mga hindi nakakapagsalita ng Ingles.

TTY: 711 Nangangailangan ang numerong ito ng espesyal na kagamitan sa telepono at para lamang sa mga taong nahihirapan sa pandinig o pagsasalita.

Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. 7 araw sa isang linggo. 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Kung mayroong kayong mga tanong tungkol sa inyong kalusugan:

- Tawagan ang inyong provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP). Sundin ang mga tagubilin ng inyong PCP para sa pagkuha ng pangangalaga kapag sarado ang opisina.
- Kung sarado ang tanggapan ng inyong PCP, maaari rin kayong tumawag sa Nurse Advice Line. Pakikikingan ng nars ang inyong problema at sasabihin nito kung paano kumuha ng pangangalaga. (Halimbawa: agarang pangangalaga, emergency room).

Maaaring sagutin ng mga nars ang mga tanong o alalahanin tungkol sa kalusugan. Hindi pinapalitan ng serbisyong ito ang pangangalaga ng isang doktor. Available ang serbisyong ito nang wala kang gagastusin. Tumawag sa (877) 353-0185, TTY New York Relay (800) 662-1220. Libre ang mga tawag sa numerong ito. Bukas ang serbisyong ito 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Senior Whole Health Member Services sa (833) 671-0440, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa SWHNY.com.



Free aids and services, such as sign language interpreters and written information in alternative formats are available to you. Call 1-833-671-0440 (TTY: 711).

English:

We have free interpreter services to answer any questions you may have about our health or drug plan. To get an interpreter, just call us at 1-833-671-0440. Someone who speaks English can help you. This is a free service.

Spanish:

Tenemos servicios de intérprete sin costo alguno para responder cualquier pregunta que pueda tener sobre nuestro plan de salud o medicamentos. Para hablar con un intérprete, por favor llame al 1-833-671-0440. Alguien que hable español le podrá ayudar. Este es un servicio gratuito.

Chinese Mandarin:

我们提供免费的翻译服务，解答您/帮助解答您关于健康或药物计划的任何疑问。如果您需要此翻译服务，请致电1-833-671-0440。我们讲中文的工作人员很乐意帮助您。这是一项免费服务。

Chinese Cantonese:

您對我們的健康或藥物計劃可能存有疑問，為此我們提供免費的翻譯服務。如需翻譯服務，請致電1-833-671-0440。我們講中文的人員很樂意為您提供幫助。這是一項免費服務。

Tagalog:

Mayroon kaming libreng serbisyo sa pagsasaling-wika upang masagot ang anumang katanungan ninyo hinggil sa aming planong pangkalusugan o plano sa gamot. Upang makakuha ng tagasaling-wika, tawagan lamang kami sa 1-833-671-0440. Maaari kayong tulungan ng isang nakakapagsalita ng Tagalog. Ito ay libreng serbisyo.

French:

Nous proposons des services gratuits d'interprétation pour répondre à toutes vos questions relatives à notre régime de santé ou d'assurance-médicaments. Pour accéder au service d'interprétation, il vous suffit de nous appeler au 1-855-665-4627. Un interlocuteur parlant français pourra vous aider. Ce service est gratuit.

Vietnamese:

Chúng tôi có các dịch vụ thông dịch miễn phí để trả lời các câu hỏi của quý vị về chương sức khỏe hoặc chương trình thuốc của chúng tôi. Để có thông dịch viên, hãy gọi cho chúng tôi theo số 1-833-671-0440. Sẽ có nhân viên nói tiếng Việt trợ giúp quý vị. Đây là dịch vụ miễn phí.

German:

Unser kostenloser Dolmetscherservice beantwortet Ihre Fragen zu unserem Gesundheits- und Arzneimittelplan. Unsere Dolmetscher erreichen Sie unter 1-833-671-0440. Man wird Ihnen dort auf Deutsch weiterhelfen. Dieser Service ist kostenlos.

Korean:

당사는 의료 보험 또는 약품 보험에 관한 질문에 답해 드리고자 무료 통역 서비스를 제공하고 있습니다. 통역 서비스를 이용하려면 전화 1-833-671-0440 번으로 문의해 주십시오. 한국어를 하는 담당자가 도와드릴 것입니다. 이 서비스는 무료로 운영됩니다.

Russian:

Получить ответы на вопросы о нашем медицинском страховом плане или о плане, покрывающем лекарства по рецепту, вам бесплатно помогут наши русские переводчики. Просто позвоните нам по номеру 1-833-671-0440. Вам бесплатно поможет русскоязычный сотрудник.

:Arabic

إننا نقدم خدمات المترجم الفوري المجانية للإجابة عن أي أسئلة تتعلق بالصحة أو جدول الأدوية لدينا. للحصول على مترجم فوري، ليس عليك سوى الاتصال بنا على الرقم 1-833-671-0440. سيقوم شخص يتحدث العربية بمساعدتك. هذه خدمة مجانية.

Hindi:

हमारी स्वास्थ्य या दवा योजना के बारे में अगर आपके कुछ सवाल हैं, तो उनके जवाब देने के लिए हमारे पास निःशुल्क दुभाषिया सेवाएँ उपलब्ध हैं। दुभाषिया पाने के लिए, हमें 1-833-671-0440 पर कॉल करें। हृदि बोलने वाला कोई व्यक्ति आपकी मदद कर सकता है। यह एक निःशुल्क सेवा है।

Italian:

È disponibile un servizio di interpretariato gratuito per rispondere a eventuali domande sul nostro piano sanitario o farmaceutico. Per ottenere un interprete, contattare il numero 1-833-671-0440. Un nostro incaricato che parla italiano fornirà l'assistenza necessaria. È un servizio gratuito.

Português:

Dispomos de serviços de interpretação gratuitos para responder a qualquer questão que tenha acerca do nosso plano de saúde ou de medicação. Para obter um intérprete, contacte-nos através do número 1-855-665-4627. Irá encontrar alguém que fale o idioma português para o ajudar. Este serviço é gratuito.

French Creole:

Nou genyen sèvis entèprèt gratis pou reponn tout kesyon ou ta genyen konsènan plan medikal oswa asirans medikaman nou an. Pou jwenn yon entèprèt, jis rele nou nan 1-833-671-0440. Yon moun ki pale Kreyòl kapab ede w. Sa a se yon sèvis ki gratis.

Polish

Umożliwiamy bezpłatne skorzystanie z usług tłumacza ustnego, który pomoże w uzyskaniu odpowiedzi na temat planu zdrowotnego lub dawkowania leków. Aby skorzystać z pomocy tłumacza znającego język polski, należy zadzwonić pod numer 1-833-671-0440. Ta usługa jest bezpłatna.

Japanese:

当社の健康保険と薬品処方薬プランに関するご質問にお答えするために、無料の通訳サービスがあります。通訳をご用命になるには、1-833-671-0440 にお電話ください。日本語を話す人が支援いたします。これは無料のサービスです。

Bengali:

আমাদের স্বাস্থ্য বা ওষুধ বিষয়ক পরিকল্পনা সম্পর্কে আপনার কোনও প্রশ্নের উত্তর দিতে আমাদের কাছে বিনামূল্যে দোঁভাষীর পরষিবো রয়েছে। কোনও দোঁভাষী পতে, আমাদের 1-833-671-0440 নম্বরে ফোন করুন। বাংলা বলতে পারনে এমন কটে আপনাকে সাহায্য করতে পারনে। এটি একটি বিনামূল্যের পরষিবো।

Yiddish:

מיר האבן פריי יבערזעצער בא דינונגס צו ענטפערן א לעפראגן וואס איר קען האבן וועגן אונזער געזונט אדער איינער וואס רעדט יידיש קען 1-833-671-0440 מעדיצין פלאן צו באקומען אן יבערזעצער, נאר רופן אונדז אויף דיר העלפן. דאס איז א פריי סערוויס

Urdu:

ہم اپنے صحت یا منشیات کے منصوبوں سے متعلق آپ کے کسی بھی سوال کا جواب دینے کے لیے مفت تشریحی خدمات بھی پیش کرتے ہیں۔ اگر آپ کو مترجم کی ضرورت ہے تو براہ کرم 1-833-671-0440 پر کال کریں۔ اردو بولنے والے عملے آپ کی مدد کر سکتے ہیں۔ یہ خدمات مفت ہیں۔

Greek:

Διαθέτουμε δωρεάν υπηρεσίες διερμηνείας για να απαντήσουμε σε οποιεσδήποτε ερωτήσεις σας σχετικά με το πρόγραμμα ασφάλισης υγείας ή φαρμακευτικής περίθαλψης της εταιρείας μας. Για να σας παρασχεθεί διερμηνέας, καλέστε μας στο 1-833-671-0440. Κάποιος που μιλά ελληνικά θα σας βοηθήσει. Αυτή η υπηρεσία είναι δωρεάν.

Albanian:

Ne ofrojmë shërbime interpretimi pa pagesë për t'iu përgjigjur çdo pyetjeje që mund të keni rreth planit tone shëndetësor ose të barnave. Për të marrë një interpret, thjesht na telefononi në 1-833-671-0440. Dikush që flet shqip mund t'ju ndihmojë. Ky është një shërbim pa pagesë.



Senior Whole Health
BY MOLINA HEALTHCARE